Republic of the Philippines
LAGUNA LAKE DEVELOPMENT AUTHORITY
National Ecology Center, East Avenue, Diliman, Quezon City
Tel. Nos.: 332-2346, 376-4039, 376-4072, 376-4049, 376-4061

AJA REGISTRARS
ISO 9001:2008
Certificate Number: AJA15-0015

KAUTUSAN BLG. 2017 - 04

PAKSA: PAGPAPATIBAY SA MGA SUSOG SA KAUTUSAN BLG. 2010-03, *"GABAY SA PAGPAPATUPAD NG MGA PATAKARAN AT PAMANTAYAN SA PAGGAMIT AT PAGSASAAYOS NG MGA PALAISDAAN SA LAWA NG PALAKPAKIN"*

SEKSYON 1. LAYUNIN

Maipatupad ang pagsasa-ayos ng sona ng mga palaisdaan sa Lawa ng Palakpakin ayon sa mga panuntunang itinakda ng *LLDA Board Resolution No. 70, Series of 1998* at ng *Republic Act 8550* o *Fisheries Code of the Philippines* na sinusugan ng *Republic Act No.10654* upang masiguro ang pangmatagalang gamit at pakinabang ng lawa.

SEKSYON 2. SAKLAW NG PAGSASAAYOS

Ang patakarang ito ay partikular na ipatutupad sa lahat ng lehitimo at kwalipikadong mangingisda sa Lawa ng Palakpakin ayon sa pamantayan ng paglalaan ng lugar para sa pangisdaan batay sa pamantayan at patakarang nakasaad sa Kautusan Blg. 2010-03.

SEKSYON 3. LUGAR AT KABUUANG SUKAT PARA SA FISHCAGE

Ang lugar na ilalaan sa pagtatayo ng mga fishcage ay hindi lalampas sa 4.80 hektarya o sampung porsiyento (10%) ng kabuuang sukat ng lawa. Ang dating sukat na 4.0 hektarya para sa *fishcage* at 0.80 hektarya o 8,000 metro kuwadrado para sa *fishpen* ay pagsasamahin na. Ang pagtatayo ng *fishpen* ay hindi na pahihintulutan sa lawa.

Ang mga *fishcage* ay itatayo paikot sa lawa na may layong 50 metro mula sa tabihan ng lawa. Magkakaroon ng anim na klaster ng *fishcage* na may tatlo (3) hanggang pitong (7) modulo. Bawat modulo ay bubuuin ng tatlong (3) *fishcage* na may sukat na 600 metro kuwadrado (30 metro X 20 metro) bawat *fishcage*. Magkakaroon ng 5 metrong distansiya sa pagitan ng mga *fishcage* upang magkaroon ang mga mangingisda ng sapat na daraanan sa pag-aayos ng *fishcage* at lugar galawan para sa pag-aalaga at pag-aani ng mga isda mula sa *fishcage*.

Ang bawat *fishcage* ay lalagyan ng pananda at lugar na ilalaan sa mga lehitimo at kwalipikadong mangingisda. Ang mga maliliit na sukat na mga *fish cages* ay pagsasamahin upang makabuo ng 600 metro kuwadrado kung saan isang (1) *Permit to Operate* lamang ang igagawad ng LLDA.

SEKSYON 4. PAGLALAAN NG LUGAR PARA SA SANKTUWARYO

Ang lugar na ilalaan para sa sanktuwaryo ay hindi bababa sa isang porsiyento (1%) ng kabuuang sukat ng lawa. Ang mababaw na bahagi ng lawa na nasasakupan ng Barangay Dolores na may sukat na 480 metro kuwadrado, na inirekomenda ng FARMC at mga pamahalaang barangay, ay ilalaan bilang sanktuwaryo. Ang iba pang mababababaw na bahagi o gilid ng lawa na natataniman ng mga Putat ay magsisilbi ding sanktuwaryo. Ang mga lugar na ito ay magsisilbing pangitlugan ng Hipong Palakpakin at iba pang mga endemikong isda na naninirahan sa lawa.

SEKSYON 5. MGA BAKANTENG BAHAGI NG LAWA BILANG RESULTA NG PAGSASAAYOS NG MGA *FISHCAGE*

Ang lugar para sa nabigasyon na may sukat na 50 metro mula sa baybayin ng lawa at iba pang lugar na nabakante dahil sa pagsasaayos ng mga *fishcage* ay ilalaan para sa malayang pangisdaan at iba pang gawaing pang-ekoturismo tulad ng pamamangka, libangang pangingisda, languyan at iba pa na pamamahalaan ng mga barangay at FARMC sa Lawa ng Palakpakin. Ang mga nasabing gawain ay sisiguraduhing hindi makasisira sa lawa at inaasahang magbibigay ng karagdagang kita sa mga mamamayan sa paligid ng lawa.

SEKSYON 6. PANGANGALAGA SA BAYBAYIN AT GILID NG LAWA

Upang mapangalagaan ang kalidad ng tubig ng lawa, ang mga baybayin o gilid nito ay pananatilihing malinis at walang anumang istraktura o sagabal. Upang masiguro ito, ang mga baybayin ay tataniman ng Putat at iba pang puno't halaman na makakatulong na mapigil ang mga dumi na nagmumula sa mga kabahayan sa paligid ng lawa gayundin ang pagguho ng lupa.

SEKSYON 7. PAGGAGAWAD NG *PERMIT TO OPERATE*

Ang paggagawad ng *Permit to Operate* ay isasagawa at ipapatupad lamang ng LLDA sa pamamagitan ng Punong Tagapangasiwa. Ang mga kailangang isumite para magawaran ng Permit to Operate ay ang mga sumusunod: 1) *Barangay Clearance*, 2) *Community Tax Certificate*, 3) *Mayor's Permit*, 4) *Valid Identification Card* at 5) *Regulatory Fee*. Ang

Repair Permit ay igagawad din ng LLDA kung kinakailangan sakaling nasuri na ang aplikasyon para sa pagkumpuni ng mga *fishcage* kasama ang kaukulang bayarin.

SEKSYON 8. IBA PANG PROBISYON NG KAUTUSAN BLG. 2010-03

Ang iba pang probisyon at alituntunin na nakatala sa Kautusan Blg. 2010-03 na hindi nabanggit sa Kautusang ito ay mananatiling ipaiiral.

SEKSYON 9. IMPLEMENTASYON NG PAGSASAAYOS NG MGA *FISHCAGES*

Ang mga may-ari ng fishcages ang maglalaan ng mga lubid at kawayan na gagamitin sa pagmamarka at paglilipat ng mga fishcages ayon sa sona. Ang pagsasaayos ng mga fishcages ay ipapatupad sa loob ng anim (6) na buwan pagkatapos na magkaroon ito ng bisa at ang mga sumusunod na gawain ay isasakatuparan:

Gawain	Takdang Panahon (Buwan)					
	1	2	3	4	5	6
1. Oryentasyon sa lahat ng *fishcage operators*	X					
2. Pagsasagawa ng surbey sa lahat na umiiral na *fishcages*	X					
3. Pagtatakda ng mga lugar para sa mga kuwalipikadong *fishcage operators*	X					
4. Paglalagay ng marka/panandang bilang sa lugar na paglalagyan ng mga fishcages ayon sa pinagkasunduang sona gamit ang kawayan		X				
5. Pagtatanggal at pag-aayos ng mga fishcages			X			
6. Paglilipat ng mga fishcages ayon sa pinagkasunduang sona			X	X	X	
7. Pagsubaybay sa sona (Monitoring)						X

SEKSYON 10. PAGKAKAROON NG BISA

Ang Kautusang ito ay magkakaroon ng bisa tatlumpong (30) araw mula sa pagkakalathala sa pangkalahatang pahayagan sa bansa at rehistrasyon sa *Office of National Administrative Register* (ONAR) sa *UP Law Center*, Lungsod ng Quezon.

Pinag-tibay ngayong ika-20 ng Disyembre 2017.

JAIME C. MEDINA
Punong Tagapangasiwa

DOCUMENT DISTRIBUTION LIST

Document No.	Revision No.	Distributed				Retrieved		
		Division	Printed Name	Signature	Date	Printed Name	Signature	Date
LLDA Kautusan Blg. 2017 - 04	00	BOD	ALAD		1/3/18			
	00	O G M	J. TANTAY		01-04-18			
	00	OAGM	I. Hermosa		1/4/18			
	00	ECO	NOPOR		1/4/18			
	00	PPIMD	[illegible]		1/4/18			
	00	PIU	Mico		1/5/18			
	00	LAD	DEO		1/4/18			
	00	IAD	Jacki		1/4/18			
	00	MSD	Jama		1/5/18			
	00	ADMIN	[illegible]		1/5/18			
	00	FINANCE	Y. Rivera		1/4/18			
	00	ERD	S. Sison		1-14-18			
	00	CPD	J. Ramos		1/4/18			
	00	ED	Dhang		1/4/18			
	00	SMD	D. Reyes		1/4/18			
	00	RMDD	F. Balwyot		1/4/18			
	00	CDD	M. Malijan		01/04/18			
	00	ELRD	G. Bulbon		1/5/18			
	00	PDMED	SOLEDAD A. REYES		1/4/18			

LAGUNA LAKE DEVELOPMENT AUTHORITY

QUALITY MANAGEMENT SYSTEM

DOCUMENT CONTROL FORM

DOCUMENT CREATION / MODIFICATION NOTICE

ORIGINATING DIVISION / DEPARTMENT: PDMED

DCF NO. DCF 2017-146

SOURCE DOCUMENT / MANUAL:

- [ ] QUALITY MANUAL
- [ ] PROCEDURES
- [ ] JOB DESCRIPTION
- [x] OTHERS Policy

NATURE OF DOCUMENT CREATION / MODIFICATION:

- [ ] NEW
- [x] REVISION
- [ ] DELETION
- [ ] CONSOLIDATION

DETAILS OF CREATION / MODIFICATION : (Please use extra sheet if necessary)

Pagpapatibay sa mga susog sa Kautusan Blg. 2010-03, "Gabay sa Pagpapatupad ng mga patakaran at pamantayan sa Paggamit at Pagsasaayos ng mga Palaisdaan sa Lawa ng Palakpakan"

Page No.	Effectivity Date	Issue No.	Submitted by /Date	Reviewed by/Date	
			12 DEC 2017 ENGR. JUN PAUL U. MISTICA Division Chief III, PDMED (Signature over printed name / Date)	ADELINA C. SANTOS BORJA DM III, RMDD (Signature over printed name / Date)	CESAR R. QUINTOS QMR (Signature over printed name / Date)

Document Controller to fill-up this portion upon receipt of this Notice

FOR DC USE ONLY

Received by: P. FRANCISCO
Signature over printed name

Date Received: 12-12-2017

Head and QMR to fill-up this portion after receipt of hard copy of revised document

MODIFICATIONS CERTIFIED CORRECT

ADELINA C. SANTOS BORJA DM III, RMDD (Signature over printed name / Date)	CESAR R. QUINTOS QMR (Signature over printed name / Date)

Approving Authority to fill-up this portion after receipt of final revised document

- [ ] Approved
- [ ] Disapproved
- [ ] For revision

12-20-17

JAIME C. MEDINA
General Manager / Head of LLDA
(Signature over printed name / Date)